Nagdasal ako at si `Emran bin Husayn sa likod ni `Ali bin Abe Talib,at kapag siya ay nagpapatirapa,Nagdadakila siya [Pagbanggit ng Allah Akbar] at kapag iniangat niya ang ulo niya Nagdadakila siya at kapag bumangon siya mula sa dalawang tindig,Nagdadakila siya

Ayon kay Mutarrif bin `Abdullah,Nagsabi siya:(( Nagdasal ako at si `Emran bin Husayn sa likod ni `Ali bin Abe Talib,at kapag siya ay nagpapatirapa,nagdadakila siya [Pagbanggit ng Allah Akbar] at kapag iniangat niya ang ulo niya ,nagdadakila siya at kapag bumangon siya mula sa dalawang tindig,nagdadakila siya ,At nang matapos ang pagdarasal,kinuha ni `Emran bin Husayn ang kamay ko at nagsabi siya: Ipinapaalala sa akin nito ang pagdarasal ng Propeta Muhammad-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-o Sinabi niyang: Nagdasal siya sa atin,na tulad ng pagdarasal ni Propeta Muhammad-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Hadith na ito ay pagpapahayag ng mga palatandaan sa Pagdarasal, at ito ang pagpapanatili sa Pagdadakila at pagbabanal sa Allah napakamaluwalhati Niya at Pagkataas-taas Niya at ito ay sa pamamagitan ng Pagdadakila:Sinasabi ni Mutarrif na nagdasal siya at si `Emran bin Husayn sa likod ni `Ali bin Abe Talib at siya ay nagdadakila [Pagbanggit ng Allah Akbar] sa pagbaba niya sa pagpapatirapa,pagkatapos ay nagdadakila [Pagbanggit ng Allah Akbar] siya kapag itinataas niya ang ulo niya mula sa pagpapatirapa,At kapag siya ay tumayo mula sa pagsasagawa niya ng Unang Tashahhud sa pagdarasal na may dalawang pagsasaksi,Nagdadakila [Pagbanggit ng Allah Akbar] siya sa kalagayan ng pagtayo niya,At tunay na iniwan ng karamihan sa mga tao ang paghahayag ng pagdadakila [Pagbanggit ng Allah Akbar] sa kalagayang ito,At nang matapos isya sa pagdarasal,Kinuha ni `Emran ang kamay ni Mutarrif,At sinabi niya na si `Ali ay-malugod si Allah sa kanya- ay pinaalala niya sa kanya sa pagdarasal niyang ito ang pagdarsal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan,Sapagkat siya ay nagdadakila [Pagbanggit ng Allah Akbar] sa kalagayang ito